Impormasyon. magpasya at pumirma

SA MUNISIPYO,

ay maaring magpahayag ng kangyang
kagustuhan tungkol sa donasyon ng bahagi ng katawan at laman
mismo sa kanyang munisipyo habang eto ay
humingi o kaya magpagawa ng panibagong ID kard,
pumirma lang sa isang simpleng pormularyo.

Nakasaad eto sa proyekto ng rehiyon "*Iisang desisyon*" na nagpalawak sa posibilidad
na maipatala ang kagustuhan ng mamamayan tungkol sa donasyon.
Isinasagawa eto ng Rehiyon ng Toscana
kasama rin ang *AnciToscana*, *Federsanità Anci*, *Aido* at ang Pambansang Sentro ng Pagsasalin

Sang-ayon sa batas
L.91/1999)
L. di conversione 25/2010 "Milleproroghe"

SAAN AT PAANO

MAGPAHAYAG NG KANYANG KAGUSTUHAN.

Kung ikaw ay nasa legal na edad ay pwede mong isaad ang iyong
kagustuhan kung kayo ay ayon o ayaw tungkol sa donasyon
ng bahagi ng katawan at laman:
_ sa mga nakalaang opisina ng ASL , magkompila lang at pirmahan ang
pormularyo;
_ sa Munisipyo, pirmahan lang ang isang simpleng pormularyo habang
Ikaw ay napagawi upang humingi o kaya ay kumuha ng panibagong ID kard;*
_ magkompila at pirmahan ang kard
ng Asosasyon ng Italya Donador ng Organo (Aido);
_ sa pamamagitan ng isang pahayag sa simpleng papel puno
ng mga personal na impormasyon, may petsa at lagda, na

maaring ilagay sa loob ng pitaka.
Ang mga pahayag ng kagustuhan ay iniipon at itinala sa loob ng Sistema ng Impormasyon sa Pagsasalin (Sit), maliban lang doon sa pahayag na nakasulat sa simpleng papel na tinatangi pa ring may bisa ayon sa batas.

INFO
Numero verde regionale 800 556060

KATANUNGAN AT SAGOT

BAKIT KAILANGAN ANG DONASYON

Sapagkat sino man yong naghihintay na masalinan ng organo ay umaasa lang sa donasyon upang mabuhay. Kadalasan iniiwasan nating isipin ang bagay na ito, pero sino man yong nangangailangan ay pinag-iisipan ito araw araw.

SAPAT NA KAALAMAN SA PAGPILI

Ang pagpapahayag ng kagustuhan ukol sa donasyon ng organo ay isang desisyon na may sapat na kaalaman.
Pwede tayong maghanap ng mga impormasyon, pag-uusapan ng pamilya para maibahagi din sa kanila ang inyong desisyon at makasisigurado na irerespeto nila ito.

MGA GARANTIYA

Sinisigurado ng batas ang malayang pagpili tungkol sa donasyon.
Maaring ibigay ang pag-ayon o pagtanggi sa donasyon at ang maaring pagbabago nito sa alinmang panahon na mag-iibang isip.
Kung ang ipatala ninyong kagustuhan ay sang-ayon, hindi pwedeng makatanggi ang inyong pamilya.
Kung ang ipatala ninyong kagustuhan ay pagtanggi hindi pwedeng isagawa ang pagtanggal ng mga organo.
Kung hindi ninyo ipinahayag ang inyonng kagustuhan, isinasagawa lamang ang pagtanggal kung ang inyong pamilya ay payag. Gayon pa man hindi umiiral ang sinasabing tahimik na pagsang-ayon.

KAILAN NAGAGANAP ANG DONASYON

Mangyayari lamang eto kung ang lahat na dapat gawin para mailigtas ang maysakit ay naisagawa na, pero ang utak ay ayaw ng gumana at hindi na maari pang gumana dahil ang utak at ang mga selule nito ay wasak na; at naitatag na ang aktibidad ng utak ay wala na o dahil patay na ang utak, kakaiba sa koma dahil ito ay wagas at hindi na maaring mapawalang bisa.
.
Tatlong espeyalista (isang mediko-legal, isang tagapagbalik buhay at isang doktor sa utak) ang gumagawa ng mga pagsisiyasat klinika para masigurado, sa loob ng 6 na oras na kasunod, ang kawalang reaksyon at aktibidad ng utak, halimbawa reaksyon sa estimolo ng kirot, malayang paghinga, may malay, ano-anumang aktibidad ng utak.

ANONIMO AT LIBRE

Hindi pinapaalam ang pangalan ng nag-aalay pati na rin yoong sa tatanggap dahil ang mga bahagi ng katawan ay inilalaan lamang ayon sa kondisyon ng madaliang pangangailangan at ang pagkakatugma klinika ng pasyente na naghihintay na masalinan.
Ipinagbabawal ang pagbili at pagbenta ng bahagi ng katawan ng tao: ang donasyon ay palaging libre at anonimo. Ang gastos sa pagsasalin ay sagot ng Serbisyo nasyonal ng kalusugan.

DONASYON HABANG BUHAY PA NG ORGANO AT LAMAN

Pwedeng ibigay ang pantog at bahagi ng atay,
baga, pancreas at bituka, stem cells ng dugo
(galing sa utak ng buto, dugo sa parteng ibabaw ng katawan at
dugo ng pusod), ang balat, inunan ng sanggol at ang
kapiraso ng buto.
Lahat ng iba pang mga bahagi at laman, maliban lang sa utak at
gonads, ay maaring ibigay sa donasyon kapag patay na.

ANG RELIHIYON

Ang mga kauunahang mga relihiyon ay sang-ayon sa
donasyon ng mga bahagi ng katawan.
Tinagubilin ng lahat na ang donasyon ay bunga ng malayang
pagpili at hindi dahil ito ay pinipilit.